## Mag-report ng mga paglabag sa Santuwaryong Pangako

**Hotline ng Santuwaryong Pangako:** 1-844-924-7829

**Mga Oras ng Hotline:**
Lunes-Biyernes
9 a.m. hanggang 5 p.m.
Mag-iwan ng mensahe pagkatapos ng oras.
Interpretasyon sa mahigit 240 na mga wika
Tumatanggap kami ng lahat na mga Relay na tawag.

SanctuaryPromise.Oregon.gov

## Nabibilang Ka.

**Kaligtasan.**
May karapatan kang maging ligtas sa iyong pang-araw-araw na buhay.

**Dignidad.**
Ikaw ay bahagi ng komunidad na ito at nararapat na igalang.

**Mga Karapatang Pantao.**
May karapatan kang mamuhay ng mapayapa at tamasahin ang iy-ong komunidad, pamilya, at mga kapaligiran.

**I-scan mo ako.**

SanctuaryPromise.Oregon.gov

**Kumonekta sa Amin**

@ORcivilrights

YOU BELONG.



# Ang Santuwaryong Pangako ng Oregon

## Ang Oregon ay iyong tahanan.

YOU BELONG.

**Tumawag sa Hotline ng Santuwaryong Pangako para:**

## Gumawa ng Report

Kung ikaw o isang kakilala mo ay pinatamaan ng paglabag sa mga batas ng Santuwaryong Pangako, i-report ito.

## Kaya Naming

- Magbigay ng kumpidensyal na patnubay at suporta sa iyong wika
- Isangguni ka sa mga serbisyong pang-imigrasyon
- Magbukas ng imbestigasyon sa ngalan ng estado
- Tulungan ka sa pamamagitan ng pang-emerhensiyang tulong pinansyal
- Gumawa ng planong pangkaligtasan kasama mo

## Magtanong

Hindi sigurado kung ang nangyari ay isang paglabag sa batas ng santuwaryo?

Tumawag sa amin at kami ay makagagabay sa iyo.

## Ano ang Santuwaryong Pangako ng Oregon?

Sa Oregon, ang estado at lokal na pamahalaan, kabilang ang pulisya, ay binabawalan na ipatupad ang pederal na batas sa imigrasyon maliban lang kung mayroon silang utos ng korte na nilagdaan ng hukom.

### Kailan mag-report ng paglabag ng Santuwaryong Pangako?

- Kung ang pulis ay nagtanong sa iyo tungkol sa iyong bansang pinagmulan o katayuan sa imigrasyon.
- Kung nakita mo ang estado o lokal na pamahalaan o pulisya na nakikipagtulungan sa mga pederal na awtoridad sa imigrasyon.
- Kung nakita mo ang pulisya na nagtatrabaho kasama ang ICE para koordinahin ang mga paghinto ng trapiko.
- Kung ang mga indibidwal na nasa bilangguan o nasa probasyon ay tinanggihan ng mga serbisyo, benepisyo, o pribilehiyo batay sa kanilang katayuan sa imigrasyon.
- Kung ikaw ay inaresto sa korte o habang ikaw ay naglalakbay patungo o galing sa korte, na walang utos ng korte na nilagdaan ng hukom.
- Hindi sigurado? Tumawag sa amin.

## Ang Aming Pananaw

Ang Oregon ay isang ligtas na lugar, kung saan lahat ng mga tao ay tinatanggap, sinasama, at may pantay na oportunidad na umunlad malaya sa poot at diskriminasyon, at kung saan ang ating mga institusyon ay sumusuporta at tumutugon sa mga pangangailangan ng mga tao.

**Ang Oregon ang unang estado sa bansa na nagtatag ng mga batas sa santuwaryo noong 1987.**